# Kailan masasabing malubhang sakit para pumasok sa paaralan ang sakit?



*Ang rutinang regular na pagpasok sa klase ay mahalaga para sa kagalingan at pag-aaral ng iyong anak. Ang mga tip na ito ay makakatulong sa iyong magpasya kung kailan pananatilihin sa bahay ang iyong anak kapag masama ang kanyang pakiramdam.*

## PAPASUKIN AKO SA PAARALAN KUNG...

- Sinisipon ako at may kaunting ubo, ngunit wala nang iba pang mga sintomas.
- HINDI ako nilagnat nang magdamag at HINDI uminom ng gamot na nagpapababa ng lagnat noong panahong iyon.
- Mayroon akong kaunting pananakit ng tiyan.
- Hindi ako sumuka nang magdamag at makakainom ng liquids nang hindi sumusuka.
- Mayroon akong kaunting pantal-pantal at wala nang iba pang mga sintomas.
- May lumalabas sa aking mata nang WALANG lagnat, pananakit sa mata o pamumula ng talukap ng mata.

## PANATILIHIN SA BAHAY KUNG...

- May lagnat ako na mas mataas sa 100.4
- Sumuka ako ng dalawa o higit pang beses sa nakalipas na 24 na oras.
- Matubig ang aking dumi at maaaring hindi ako makaabot sa banyo.

## HUMINGI NG MEDIKAL NA PANGANGALAGA KUNG...

- May lagnat ako na mas mataas sa 100.4 AT alinman sa mga sumusunod: pananakit ng tainga, pananakit ng lalamunan, pantal-pantal, pananakit ng tiyan, pananakit ng ulo o pananakit ng ngipin.
- Masakit ang aking tiyan at may lagnat ako may dugo o itim ang aking dumi, o na-dehydrate ako (pagod at inaantok, nanunuyong bibig) at/o hindi ako nakaihi sa nakalipas na 8 na oras.
- Walang humpay ang aking pag-ubo o nahihirapang huminga, at may lagnat na may kasamang ubo.
- Namamaga ang aking mata, may pananakit sa mata o pinsala sa mata.
- Mayroon akong pamamantal na may mga paltos, may lumalabas, masakit, mukhang pasa-pasa, at/o may lagnat ako na may kasamang pamamantal.

*Kung hindi mo alam kung papapasukin ang iyong anak sa paaralan, mayroong mga partikular na alalahanin sa kalusugan ng pangangatawan o pag-iisip ng iyong anak, o nag-aalala na makakahawa ang iyong anak ng sakit, kontakin ang provider sa pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak, lokal na urgent care o nurse ng paaralan. Ang mga tip na ito ay hindi nilalayong palitan ang gabay na pangkalusugan ng lokal na kagawaran ng kalusugan/distrito ng paaralan kabilang ang tungkol sa mga nakakahawang sakit tulad ng Covid-19 at trangkaso.*

Attendance Works — Advancing Student Success By Reducing Chronic Absence
KAISER PERMANENTE®
NASN — National Association of School Nurses

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa **attendanceworks.org/resources**

Setyembre 2024